ito ay matutulad sa isang taong matalino na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng bato. Umulan nang malakas, bumaha, at binayo ng malakas na hangin ang bahay na iyon, ngunit hindi nagiba sapagkat nakatayo sa ibabaw ng bato. Ang bawat nakikinig ng aking mga salita at hindi nagsasagawa nito ay matutulad sa isang taong hangal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan. Umulan nang malakas, bumaha, at binayo ng malakas na hangin ang bahay. Bumagsak ang bahay na iyon at lubusang nawasak."

Mateo 7:21- 27

Nawa'y itong salita ko at ang aking kaisipan, Sa iyo ay makalugod, Panginoon ko't kanlungan, O ikaw na kublihan kong ang dulot ay kaligtasan!

Mga Awit 19:14

ACTION Philippines

MATI BAPTIST HOSPITAL

CHANGES

Alang sa Maayong Panglawas ug Kinabuhi

Bulate

Book 10





Ano ang nagpaparumi sa tao?

Muling pinalapit ni Jesus ang mga tao at sinabi sa kanila," Makinig kayong lahat, at unawain ang aking sasabihin! Hindi ang pumapasok sa bibig ng tao ang nakapagpaparumi sa kanya sa mata ng Diyos kundi ang mga nagmumula sa kanya. [Ang may pandinig ay makinig.]" Iniwan ni Jesus ang mga tao; at nang makapasok na sa bahay, siya'y tinanong ng kanyang mga alagad tungkol sa talinghaga. " Kayo man ba'y wala ring pang-unawa?" tugon ni Jesus." Hindi ba ninyo alam na hindi nakapagpaparumi sa tao ang kinakain niya, sapagkat hindi naman pumapasok iyon sa kanyang puso, kundi sa tiyan, at pagkatapos ay idinudumi." (Sa pagsasabi nito'y para nang ipinahayag ni Jesus na maaaring kanin ang lahat ng pagkain.) Nagpatuloy siya ng pagsasalita:" Ang lumalabas mula sa tao ang nagpaparumi sa kanya sa mata ng Diyos. Sapagkat sa loob — sa puso ng tao — nagmumula ang masasamang isipang nag-uudyok sa kanya na makiapid, magnakaw, pumatay, mangalunya, mag-imbot, at gumawa ng lahat ng kabuktutan, tulad ng pagdaraya, kahalayan, pagkainggit, paninirang-puri, kapalaluan, at kahangalan. Ang lahat ng ito'y nanggagaling sa puso ng tao, at siyang nagpaparumi sa kanya."

Marcos 7:14-23

" Hindi lahat ng tumatawag sa akin, 'Panginoon, Panginoon, ' ay papasok sa kaharian ng langit, kundi yaon lamang sumusunod sa kalooban ng aking Amang nasa langit. Pagdating ng huling Araw, marami ang magsasabi sa akin, 'Panginoon, nangaral po kami at nagpalayas ng mga demonyo, at gumawa ng mga kababalaghan sa inyong pangalan! 'At sasabihin ko sa kanila, 'Kailanma'y hindi ko kayo nakilala. Lumayo kayo sa akin, mga mapaggawa ng masama! '" " Kayat ang bawat nakikinig at nagsasagawa ng mga salita kong

Huwag tumae lang kung saan saan.

Lutuing maigi ang karne. Lalo na ang karne ng baboy.

Huwag ilabag ang kamay sa bibig.

Hugasan maigi ang mga prutas at gulay.



Takpang maigi ang mga pagkain

Pakuluan ang tubig na iinumin.

Permanente putulan ang kuko at linisin.

Mga bulate

Maraming klase ang mga bulate na nananahan sa bituka ng tao na nagiging dahilan ng sakit.

Mga palatandaan ng maraming bulate;

1. Malaki at laging sumasakit ang tiyan.
2. Bumibigat ang timbang
3. Putla at “anemic”
4. Pangangating puwet at balat.
5. Walang ganang kumain
6. Hindi lumalaki ang bata.
7. Nilalabasan ng bulate ang bata.
8. Kumakain ng lupa ang bata.

Ascaris



Ang mga bulate na madalas makita sa dumi (tae) ay mga ascaris. Maraming ascaris sa loob ng bituka na syang dahilan sa palaging pananakit ng tiyan.

Ang batang may bulate na ascaris kadalasan ay lumalaki ang tiyan at minsan ay matindi ang pananakit nya.

Paano iwasan ang mga bulate

Gumawa at gumamit ng kubeta.

Ugaliing magtsinelas.

Maghugas ng kamay:
- Bago magluto
- Bago kumain
- Pagkatapos umihi
- Pagkatapos tumae.



Amoeba



Hindi nakikita ang amoeba kung walang microscope dahil ito ay masyadong maliliit. Kahit na ito'y maliliit masyado ito'y nakakasira sa katawan ng tao.

Ang tae ng tao na merong amoeba, kadalasan may halong dugo na parang sipon.

Ang pinanggagalingan ng amoeba ay katulad din ng pinanggagalingan ng ascaris. Ang taeng pumupunta sa bunganga.

Ang pinagmumulan ng ascaris



Sa mga lugar na walang kubeta, ang tao ay dumudumi lang kahit saan. Dahil dito, ang mga itlog ng ascaris ay nagkakalat sa lupa. Lilipat sa tubig o kaya sa pagkain o sa langaw. Ito ang mga dahilan na napupunta ang nga bulate sa bibig, pagkatapos ay sa loob na ng katawan ng tao sya dadami.

Kigwa

Ang haba ng klase ng bulateng ito ay 1 centimetro lang. Kasingliit lang ng karayom ang kigwa.





Ang batang may kigwa ay kamot ng kamot sa kanyang puwet dahil ito'y laging nangangati.

Ang pinagmumulan ng tapeworm



Ang taong may tapeworm dudumi kahit saan.

Kakainin ng baboy ang tae na may itlog ng tapeworm. Ang itlog na ito ay tutubo sa katawan ng baboy.

Tapos ang tao kakain ng karne na hindi naluto ng maigi, kaya ang tapeworm tutubo sa bituka ng tao.

Tapeworm



Ang pinakamahabang bulate ay tapeworm. Mahigit 1 metro ang haba nito sa loob ng bituka ng tao, kahit na ito'y mahaba, hindi ito nakakasira sa loob ng bituka subalit ang problema ay ito. Minsan ang tao ay dudumi o magbabawas at ang itlog ng tapeworm ay lumalabas kasama ang tae. Ito'y mapupunta sa kamay at mapupunta sa bibig. Ito ay pumupunta sa utak ng tao na syang nakakasira ng utak.



Ang pinanggagalingan ng kigwa

Ang kigwa ay nangingitlog sa puwet "anus" ito ang dahilan ng pangangati tuwing gabi. Kapag ang bata ay panay ang kamot, ang itlog ay papasok sa kanyang kuko. T apos ito'y madadala sa pagkain o sa anumang bagay na mahawakan. Dahil dito nadadala ang kigwa sa kanyang bibig o sa bibig ng kanyang mga kaibigan.

Sistomiyasis

Ang sistomiyasis ay 1 grabeng sakit. Ito ang dahilan sa paglaki ng tiyan, pamumutla, at panghihina.

Ang pinagmumulan ng sistomiyasis ay 1 sa mga maliliit na klase ng bulate na nakatira sa mga “snail” ang mga ito ay nakatira sa sapa.

Ang taong may sistomiyasis dudumi sa sapa. Maraming itlog ang sistomiyasis sa dumi (tae). Ang mga itlog ay papasok sa mga “snail” at nagiging bulate. Tapos ang mga bulate ay lalabas sa “snail” sa mga tubig. Kapag ang tao lumublob na sa tubig, ang mga bulate ay pumapasok sa kanyang balat at dumadami sa loob ng katawan ng tao.



Hookworm



Merong 1 klase ng bulate na tinatawag na hookworm. Ang ganitong klase ng bulate a y pumapasok sa katawan ng tao na nakapaa.

Kung ang tao ay dudumi sa lupa, ang bulate ay umaabot sa lupa. Pagkatapos ay papasok ito sa taong nakapaa lang.

Kung ang bata ay maputla at mahina o gustong kumain ng lupa, marahil sya ay may bulateng “hookworm”